

Praktikal na Gabay sa Pagbabayad ng mga Kontribusyon sa Employees' Pension Insurance at Ibang Kontribusyon

Pangkalahatang ideya ng pagbabayad ng kontribusyon

Kinokolekta ng tanggapan ng Japan Pension Service (JPS) ang mga kontribusyon sa insurance ng Employees' Pension Insurance (EPI) at Employees' Health Insurance (EHI). Ang employer ng isang lugar ng trabaho ay may pananagutan ayon sa batas na bayaran, sa itinakdang petsa, ang kabuuang halaga ng kontribusyon ng bahagi ng employer at ng bahagi ng manggagawang miyembro ng seguro na ibinabawas ng employer mula sa kanilang buwanang sahod at mga bonus.

Ang takdang petsa para sa pagbabayad ng buwanang kontribusyon ay ang huling araw ng susunod na buwan; halimbawa, ang takdang petsa ng pagbabayad ng kontribusyon para sa Abril ay ang huling araw ng Mayo. (Kung ang huling araw ng buwan ay isang holiday, ang takdang petsa ay ang unang araw ng negosyo pagkatapos nito.)

Sa praktikal na pagsasagawa, kailangang ibawas ng employer ang bahagi ng kontribusyon ng manggagawa mula sa kasalukuyang buwan na sahod ng manggagawa; ang halaga ay kinakalkula batay sa tinatawag na Standard Monthly Remuneration (SMR) ng nakaraang buwan; halimbawa, ibinabawas ang kontribusyon para sa buwan ng Abril mula sa sahod na binayaran sa Mayo. Para sa bonus, ang halaga ng kontribusyon na kinakalkula batay sa Standard Bonus Amount (SBA) ay kailangang ibawas mula sa bonus.

Sa o bandang ika-20 ng bawat buwan, ang JPS ay nagpapadala sa mga employer ng abiso (invoice) ng kontribusyon na dapat bayaran, ibig sabihin, isang abiso ng pagbabayad ng kontribusyon o iba pang angkop na abiso. Ang halaga ng kontribusyon ay kinakalkula batay sa mga ulat na naunang isinumite ng employer, tungkol sa pag-enrol ng manggagawa/pagtatapos ng coverage ng insurance, SMR at SBA.

Tandaan: Maaaring magkaroon ng pagkaantala dulot ng mga kondisyon ng serbisyo sa koreo, lalo na kung ginagamit ang serbisyo ng pagpapadala ng sulat. Kung kinakailangan, Maaaring makipag-ugnayan ang employer sa angkop na tanggapan ng JPS^{*1}, halimbawa, upang humiling ng muling pag-isyu.

*1 "Ang angkop" na tanggapan ng JPS ay ang responsable para sa lokal na operasyon ng lugar.

Paano magbayad ng mga kontribusyon sa insurance

Ikaw (employer) ay may ilang opsyon upang bayaran ang mga kontribusyon tulad ng sumusunod:

1. Automatic bank transfer

Upang mag-aplay para sa pagbabayad sa pamamagitan ng automatic bank transfer, kailangan mong:

- (1) Tiyakin na ang iyong bangko^{*2} ay nasa "listahan ng mga bangko na nag-aalok ng serbisyo para sa mga pagbabayad ng EPI o kontribusyon ng Pambansang Pensyon." Upang makasiguro, tanungin ang iyong bangko^{*2} kung nag-aalok ito ng ganitong serbisyo.
- (2) Punan ang kinakailangang impormasyon sa "Aplikasyon para sa Automatic Bank Transfer (Pagbabago)."
- (3) Tanungin ang iyong bangko^{*2} upang kumpirmahin na ang impormasyon ng bangko na nailagay sa aplikasyon ay tama.^{*3}
- (4) Isumite ang aplikasyon sa naaangkop na sentro ng pagproseso ng JPS o tanggapan ng JPS sa pamamagitan ng koreo. Maaari mo rin itong isumite sa tanggapan ng JPS sa pamamagitan ng pagbisita.

^{*2} Bangko ng korporasyon (o bangko ng ibang legal na tao) sa kaso ng korporasyon (o ibang legal na tao)

^{*3} Maaari mong laktawan ang proseso(3) kung ikaw ay magtatalaga ng isang online na bangko (na walang pisikal na sangay).

2. Pagbabayad sa mga bangko

Maaari kang magbayad sa mga bangko gamit ang “Abiso ng pagbabayad ng kontribusyon (invoice).” (Huwag punitin o paghiwalayin ang paunawa.)

3. Elektronikong pagbabayad (Pay-easy)

Maaari mong makita ang mga numerong kinakailangan para sa elektronikong pagbabayad sa paunawa ng pagbabayad ng kontribusyon; ang numero ng institusyong nangongolekta ay 00500; ang numero ng pagbabayad ay binubuo ng 16 na digit, at ang numero ng kumpirmasyon ay binubuo ng 6 na digit.

Ilagay ang mga impormasyong ito ayon sa hinihinging detalye at isagawa ang pagbabayad.

- **Internet banking** - Pagbabayad sa pamamagitan ng Internet
- **Mobile banking** - Pagbabayad sa pamamagitan ng mobile phone
- **ATM (na may serbisyong Pay-easy)** - Pagbabayad sa ATM sa mga bangko
- **Telephone banking** - Pagbabayad ng Kontribusyon na ginagabayan ng instruksyon sa telepono

Mahalagang punto

- Upang gumamit ng Internet banking, mobile banking, o telephone banking, kailangan mong magkaroon ng kontrata para sa e-payment sa iyong bangko² bago gamitin ang serbisyo.
- Sa prinsipyo, ang JPS e-payment system ay tumatakbo nang 24 oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon. Maaari mong makita ang impormasyon tungkol sa paminsan-minsang out-of-service, i.e., para sa pagpapanatili ng sistema sa aming website.
- Pakitandaan na ang e-payment ay hindi nag-iisyu ng resibo. Kung kakailanganin mo, maaaring kailanganin mong magbayad sa isang bangko.

Abiso sa pagbabayad ng kontribusyon (invoice)

Bawat buwan, ang Japan Pension Service (JPS) ay nagpapadala sa iyo ng Abiso ng pagbabayad ng kontribusyon (invoice) na nagbibigay-alam sa iyo na bayaran ang buwanang kontribusyon para sa Employees' Pension Insurance (EPI), Seamen's Insurance, Employees' Health Insurance (EHI), at mga kontribusyon para sa mga bata at pangangalaga sa bata.

Ang halimbawa ng invoice ay ipinapakita sa ibaba.

Kapag nagbabayad ka ng kontribusyon sa isang bangko, kailangan mong gamitin ang buong set ng invoice; huwag itong paghiwa-hiwalayin.

Halimbawa ng Abiso ng pagbabayad ng kontribusyon (invoice) ayon sa kalagayan noong Marso 2025 (maaaring magbago sa hinaharap).

- 1 “Resibo”
- 2 “Kopya ng resibo”
- 3 “Abiso ng pagbabayad ng kontribusyon (invoice)”

Tandaan: Ang tanggapan ng JPS ay nagpapadala sa iyo ng invoice sa bandang ika-20 ng bawat buwan. Ang mga kondisyon sa koreo ay maaaring magdulot ng pagkaantala, lalo na kung gumagamit ka ng serbisyo ng pagpapadala ng sulat. Kung kinakailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa angkop na tanggapan ng JPS, hal., upang humiling ng muling pag-isyu ng invoice.

Paano kalkulahin ang mga kontribusyon

1. Paano kalkulahin ang kabuuang halaga ng kontribusyon ng iyong pinagtatrabahuhan

Una, kinakalkula ang halaga ng kontribusyon ng bawat manggagawa sa pamamagitan ng pag-multiply ng kanilang SMR o SBA sa tiyak na rate ng kontribusyon na itinakda ng bawat sistema. Ang resulta ng lahat ng halaga, na ni-round down sa pinakamalapit na 1 yen, kung naaangkop, ay ang halagang kailangan bayaran ng iyong pinagtatrabahuhan.

Tingnan ang halimbawa ng talahanayan ng pagkalkula sa huling pahina.

2. Paano kalkulahin ang bahagi ng manggagawa at ibawas mula sa kanilang sahod

Kailangan mong kolektahin ang bahagi ng manggagawa sa kontribusyon ng EPI/EHI sa pamamagitan ng pagbabawas mula sa kanilang sahod.

Ang halagang kokolektahin ay kalahati ng halagang nakuha sa pamamagitan ng pag-multiply ng SMR ng manggagawa sa rate ng kontribusyon ng insurance.

$$\Rightarrow \text{Halagang kokolektahin} = \text{SMR ng manggagawa} \times \text{rate ng kontribusyon ng insurance} \div 2$$

Kung ang resulta ng pagkalkula ay may fraction na mas mababa sa 1 yen, i-round off ito alinsunod sa mga patakaran ng pagkalkula sa (1) at (2) sa ibaba.

Tingnan ang halimbawa ng talahanayan ng pagkalkula sa huling pahina.

Tandaan 1: Para sa bonus, kalkulahin ang halaga gamit ang SBA sa halip na SMR, at kolektahin mula sa kanila sa pamamagitan ng pagbabawas mula sa bonus.

Tandaan 2: Kalkulahin ang bahagi ng kontribusyon ng manggagawa para sa bonus sa pamamagitan ng pag-multiply ng SBA sa halaga ng kontribusyon at hatiin sa kalahati. Huwag gumamit ng quick reference table para sa buwanang halaga ng kontribusyon.

(1) Pagkalkula kung ibabawas mo ang bahagi ng manggagawa mula sa kanilang sahod (bonus)

Kung ang pagkalkula ng bahagi ng manggagawa ay nagresulta sa isang halaga na may fraction, ang fraction katumbas o mas mababa sa 50/100 yen ay i-round down sa pinakamalapit na 1 yen; ang fraction na higit sa 50/100 yen ay i-round up sa pinakamalapit na 1 yen.

Halimbawa ng halagang ibabawas:

12,345.50 yen \Rightarrow i-round down sa 12,345 yen

12,345.51 yen \Rightarrow i-round up sa 12,346 yen

(2) Pagkalkula kung kokolektahin mo ang bahagi ng manggagawa nang cash

Para sa mga kasong hindi mo maibawas mula sa kanilang sahod, kailangan mong kolektahin ang bahagi ng manggagawa nang cash tulad ng nasa ibaba:

Kung ang pagkalkula ng bahagi ng manggagawa ay nagresulta sa isang halaga na may fraction, ang fraction na mas mababa sa 50/100 yen ay i-round down sa pinakamalapit na 1 yen; ang fraction na katumbas o higit sa 50/100 yen ay i-round up sa pinakamalapit na 1 yen.

Halimbawa ng halagang kokolektahin nang cash:

12,345.49 yen \Rightarrow ni-round down sa 12,345 yen

12,345.50 yen \Rightarrow ni-round up sa 12,346 yen

Tandaan: Anuman sa (1) at (2) sa itaas, ang isang employer at ang mga manggagawa ay maaaring magtapos sa isang espesyal na kasunduan kung paano i-round off ang mga fraction sa pagkalkula ng halaga ng kontribusyon.

3. Pagkalkula ng bahagi ng employer

Ang halaga ng bahagi ng employer ay ang halagang makukuha sa pamamagitan ng pagbabawas ng kabuuang halaga ng kontribusyon ng lahat ng manggagawa (ayon sa pagkalkula sa (2) sa itaas) mula sa halagang nakasaad sa abiso ng pagbabayad na ipinadala sa iyo.

Pakitandaan na sa prinsipyo, ang employer ay dapat magbayad ng kalahati ng halagang nakuha sa pamamagitan ng pag-multiply ng SMR ng manggagawa sa rate ng kontribusyon. Sa praktika, gayunpaman, dahil sa rounding sa pagkalkula ng bahagi ng bawat manggagawa, ang halaga ng bahagi ng employer at kabuuang halaga ng bahagi ng mga manggagawa ay hindi kinakailangang magtugma.

Tingnan ang halimbawa ng talahanayan ng pagkalkula sa ibaba.

Halimbawa ng talahanayan ng pagkalkula para sa kontribusyon ng EPI (pagsasama-sama ng mga tagubilin sa itaas)

Halimbawa para sa rate ng kontribusyon ng EPI sa 18.3 %

Kung ibabawas ang bahagi ng manggagawa ng kontribusyon sa EPI mula sa kanilang buwanang sahod (at walang espesyal na kasunduan sa mga manggagawa), kalkulihin ang bahagi ng manggagawa (kalahati ng halaga ng kontribusyon) na may pag-round off kung may fraction: ang fraction na katumbas o mas mababa sa 50/100 yen ay dapat i-round down, at ang fraction na higit sa 50/100 yen ay dapat i-round up, sa pinakamalapit na 1 yen.

(Unit: Yen)

	SMR o SBA	Halaga ng kontribusyon sa EPI	1 / 2 halaga ng kontribusyon sa EPI	Bahagi ng manggagawa (Naka-round)	Bahagi ng employer
Manggagawa A	110,000	20,130.00	10,065.00	10,065	
Manggagawa B	134,000	24,522.00	12,261.00	12,261	
Manggagawa C	150,000	27,450.00	13,725.00	13,725	
Manggagawa D	118,000	21,594.00	10,797.00	10,797	
Manggagawa E	118,000	21,594.00	10,797.00	10,797	
Manggagawa F	98,000	17,934.00	8,967.00	8,967	
Kabuuang	728,000	133,224.00	66,612.00	66,612	66,612
Halaga ng kontribusyon ng EPI para sa iyong pinagtatrabahuhan		133224			

Ipinapaalam sa iyo ng tanggapan ng JPS ang halaga pagkatapos i-round down ang kabuuang halaga.

Ang halaga ng bahagi ng employer ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagbabawas ng kabuuang halaga ng bahagi ng manggagawa mula sa halagang ipinahayag sa abiso ng pagbabayad ng kontribusyon. (Dahil sa rounding na kasangkot sa pagkalkula, ang halaga ng bahagi ng employer ay maaaring hindi eksaktong kalahati ng halaga ng kontribusyon.)

133,224 yen - 66,612 yen = 66,612 yenBahagi ng employer